Ang LARAWAN ng INA ng LAGING SAKLOLO

SA LOOB NG BARKO... ISANG NEGOSYANTENG MAY INAALALA
KAILANGAN KONG MALIGTAS ANG LARAWANG ITO!
BAKA TAYO LUMUBOG!!!
H'WAG KAYONG MATAKOT! MALILIGTAS TAYO SA TULONG NG LARAWANG ITO!
HINDI NAGTAGAL AT...
TUMIGIL ANG BAGYO!
LIGTAS NA TAYO!
SAAN MO NGA BA NAKUHA ANG MILAGROSANG LARAWAN NA 'YAN?
HA? E... SA ISANG SIMBAHAN SA CRETE NA NAWASAK NUNG DIGMAAN

DUMATING SA ROMA ANG BARKO
AYUN YUNG LALAKING MAY LARAWANG NAGLIGTAS SA ATIN SA BAGYO
NAKUHA DAW NIYA ANG LARAWAN SA ISANG SIMBAHANG WINASAK NUNG DIGMAAN
NINAKAW NIYA SIGURO 'YAN!
MAGKANO KAYA ITO KUNG IBENTA KO? HMMM.

NGUNI'T NAGKASAKIT NANG MALUBHA ANG NEGOSYANTE. HABANG NAKARATAY AY PINATAWAG ANG ISANG KAIBIGAN AT MAY IPINAGBILIN DITO...
ANO'NG GUSTO MONG GAWIN KO DITO?
(KOFF) DALHIN MO SA ISANG SIMBAHAN ANG LARAWAN UPANG ITO'Y MAPARANGALAN. (KOFF)
NGUNI'T PAGDATING NIYA SA BAHAY...
NAPAKAGANDANG LARAWAN NG BIRHENG MARIA! SAAN MO NAKUHA 'YAN?
PINAGBILIN SA AKIN NG ISANG KAIBIGAN. DALHIN KO RAW SA ISANG SIMBAHAN ITO.
HA?! H'WAG NA! MADAMI NG MGA LARAWAN NG BIRHEN SA SIMBAHAN. DITO NA LANG 'YAN SA BAHAY NATIN!
...KAYA NANATILI ANG LARAWAN SA BAHAY NILA.
NGUNI'T ISANG ARAW HABANG NAGLALARO ANG KANILANG ANAK NA BABAE...
HUH?!
H'WAG KANG MATAKOT. MAYROON LANG AKONG GUSTONG IPASABI SA IYONG MGA MAGULANG.


...DALHIN N'YO DAW ANG LARAWAN SA SIMBAHAN NG SAN MATEO...
AT ANG TAWAG DAW SA KANIYA AY INA NG LAGING SAKLOLO
BAH! NAHIHIBANG LANG ANG BATA
HINDI AKO PAPAYAG NA ALISIN ANG LARAWAN SA BAHAY NATIN!
HANGGANG SA...
MARAMING KAMALASAN NA ANG NARANASAN NAMIN! HU-HU
SIGE! DALHIN MO NA SA SIMBAHAN ANG LARAWAN!
TINANGGAP NG MGA PARING AGUSTINO ANG LARAWAN AT INILAGAY SA SIMBAHAN NG SAN MATEO NOONG MARSO 27, 1492
DITO DAW SA SIMBAHAN NG SAN MATEO PARARANGALAN ANG LARAWAN.
SIGE! TUTUPARIN NAMIN 'YAN. SALAMAT!
SA LOOB NG 300 NA TAON PINARANGALAN ANG LARAWAN SA SIMBAHAN NG SAN MATEO. MARAMING MGA MILAGRO ANG NAGANAP SA MGA DEBOTONG NANALANGIN DITO
NAGKA-ANAK AKO SA TULONG NG MAHAL NA BIRHEN
NAKAKALAKAD NA AKO!
NAKAKAKITA NA AKO!


1798 - NILUSOB ANG ROMA NG MGA HUKBO NI NAPOLEON BONAPARTE. WINASAK NILA ANG MAHIGIT SA TATLUMPUNG SIMBAHAN. ISA DITO ANG SIMBAHAN NG SAN MATEO
KA - BLAM
GRAAG!
NAPILITANG UMALIS ANG MGA AGUSTINO. LUMIPAT SILA SA STA. MARIA DE POSTELURA...
...DALA NILA ANG LARAWAN NG INA NG LAGING SAKLOLO
NGUNI'T PAGDATING NILA SA SIMBAHAN...
PINARARANGALAN NA PALA DITO ANG BIRHEN NG GRASYA. HINDI NATIN PWEDENG ILAGAY 'YAN SA ALTAR!
MERON PA BA TAYONG MAPAGLALAGYAN NITO?
ALAM KO NA! ILAGAY NATIN 'YAN SA KAPILYA NATIN SA TAAS NG MONASTERYO!
OO NGA! MAS MABUTI DOON!
AT DOON NANATILI ANG LARAWAN...
'YAN ANG MILAGROSANG LARAWAN NA DALA PA NAMIN MULA SA SAN MATEO
...HANGGANG NAKALIMUTAN NA ANG KINAROROONAN NITO SA HALOS 64 NA TAON

NAKIPAGKITA ANG MGA REDENTORISTA KAY SANTO PAPA PIUS IX AT...
HINIHILING PO NAMIN NA MAIBALIK ANG LARAWAN NG INA NG LAGING SAKLOLO SA LUGAR NA PINILI NIYA.
SIGE, NARARAPAT LANG.
PINAKILUSAPAN NG SANTO PAPA ANG MGA AGUSTINO AT IBINALIK NILA ANG LARAWAN SA MGA REDENTORISTA. MAY BINILIN SIYA HABANG INIABOT ANG LARAWAN.
MAYROON LANG AKONG HIHILINGIN SA INYO.
ANO PO 'YON? SANTO PAPA?
IPAKILALA N'YO SIYA SA BUONG MUNDO!
ABRIL 26, 1886 – IBINALIK ANG LARAWAN SA SIMBAHAN NG MGA REDENTORISTA
PAGALINGIN N'YO PO ANG ANAK KONG MAY SAKIT SA UTAK!
MAY MILAGRONG NAGANAP
INAY! NAWALA NA ANG SAKIT NG ULO KO!
SALAMAT PO MAHAL NA BIRHEN!

TAONG 1885 - ANG KONGREGASYON NG MGA REDENTORISTA AY NAGTAYO NG MISSION HOUSE AT SIMBAHAN SA VILLA CASERTA SA ROMA.

DITO PALA SA VILLA CASERTA NAKATAYO ANG DATING SIMBAHAN NG SAN MATEO!

ABA! MAKASAYSAYAN PALA ANG LUGAR NA ITO!

ISA SA MGA NANIRAHAN DITO AY SI FR. MICHAEL MARCHI

PEBRERO 7, 1863 - SI FR. FRANCESCO BLOSSI, ISANG PARING HESWITA, AY MAY SINABI SA KANYANG SERMON NA NAKATAWAG NG PANSIN NG MGA REDENTORISTA

NASAAN NA KAYA ANG LARAWAN NG INA NG LAGING SAKLOLO NA DATING PINARARANGALAN SA SIMBAHAN NG SAN MATEO

HUH!? ALAM KO 'YAN AH!

BINALITA NI FR. MICHAEL MARCHI SA KANYANG MGA KASAMAHANG REDEN-TORISTA

ALAM KO KUNG SAAN ANG LARAWAN NG INA NG LAGING SAKLOLO.

ITO'Y NASA KAPILYA NG STA.MARIA DE POSTELLIRA

KINUWENTO NIYA NA NAKIKITA NIYA ITO SA KAPILYA NUONG SAKRISTAN PA SIYA, AT ANG MGA SINABI NI BRO. AUGUSTINE ORSETTI TUNGKOL SA LARAWAN

MICHAEL, 'YAN ANG MILAGROSANG LARAWAN NG INA NG LAGING SAKLOLO.

MUKHANG NAIS NG MAHAL NA BIRHEN NA IBALIK ANG KANYANG LARAWAN SA LUGAR NA KANYANG PINILI NOON PA!

MARAMING GRASYANG NATANGGAP ANG MGA DEBOTO NG INA NG LAGING SAKLOLO KAYA LALONG LUMAGANAP ANG DEBOSYON SA KANIYA

PINALAGANAP NG MGA **REDENTORISTA** ANG **LINGGUHANG DEBOSYON** SA INA NG LAGING SAKLOLO SA IBANG BANSA...

LAGI SIYANG HANDANG TUMULONG SA ATIN...

... ISA SA MGA BANSANG NAABOT NILA AY ANG **PILIPINAS**

TAONG 1906 – DUMATING ANG MGA REDENTORISTA SA PILIPINAS. ANG UNA NILANG MISSION HOUSE AY SA **OPON, CEBU.**

SALAMAT PO AT DUMATING KAYO! KULANG NG MGA PARI DITO!

1913 – PUMUNTA ANG MGA REDENTORISTA SA **MAYNILA** AT NAGTAYO NG SHRINE SA INA NG LAGING SAKLOLO SA PAROKYA NG **MALATE** SA ERMITA

1931 – LUMIPAT SILA SA **BACLARAN** AT DOON AY NAGTAYO SILA NG SIMBAHAN KUNG SAAN NILA NILAGAY ANG LARAWAN NG INA NG LAGING SAKLOLO

DOON NANATILI ANG LARAWAN HANGGANG SA PAGDATING NG **IKALAWANG DIGMAANG PANDAIGDIGAN**

WALANG NAKAKAALAM KUNG SAAN NAROON ANG LARAWAN NG INA NG LAGING SAKLOLO HANGGANG SA...
GOOD NEWS! NAKITA NG ISANG LA SALLE BROTHER ANG LARAWAN! NAROON DAW SA BILIBID SA AZCARRAGA!
PUNTAHAN MO NA KAYA BROTHER PLACID
SA BILIBID PRISON TINAGO NG MGA HAPON ANG MGA NINAKAW NILA SA MGA PILIPINO
NARITO DAW ANG LARAWAN NG INA NG LAGING SAKLOLO
SORRY PO... PERO WALA SA LISTAHAN NAMIN ANG LARAWAN NA 'YAN!
SA TULONG NG ISANG AMERIKANONG CHAPLAIN, NAKAPASOK ANG MGA REDENTORISTA SA LOOB NG STOCKROOM
INGAT LANG PO AT MADILIM.
DITO AKO MAG-UUMPISA. DOON KA BANDA MAGHANAP
DI NAGATAGAL AT...
HUH? ANO ITO?
NAHANAP KO NA ANG LARAWAN!
PAGKAKUHA NILA NG LARAWAN AY IBINALIK ITO SA DATING LUGAR SA SIMBAHAN
DITO KA NA MANANATILI MAHAL NA BIRHEN

ENERO 2, 1942 – ANG MAYNILA AY SINAKOP NG MGA HUKBO NG MGA HAPON
MAY BALITA NA KUKUNIN NG MGA HAPON ANG ATING SIMBAHAN AT TAYO'Y MAKUKULONG DAHIL KAAWAY NG ATING BANSA ANG MGA HAPON
DAPAT PALA ILIGTAS NA NATIN ANG MGA GAMIT SA SIMBAHAN
The Tribune
JAPANESE TROOPS OCCUPY MANILA
SA ISANG BAHAY SA TAFT AVENUE MALAPIT SA DE LA SALLE COLLEGE...
FATHER COSGRAVE! NADALAW PO KAYO! ANO PONG SADYA NATIN?
MAY IPAGBIBILIN SANA AKO SA INYO
HUH!? ANG LARAWAN NG INA NG LAGING SAKLOLO! ANO PONG GUSTO NIYONG GAWIN NAMIN,FATHER?
SIGURADUHIN N'YONG H'WAG ITONG MAKUHA NG MGA HAPON
SINAKOP NG MGA HAPON ANG BACLARAN CHURCH AT NABILANGGO ANG MGA PARING REDENTORISTA HANGGANG PEBRERO,1945
MAY BALITA NA SUSUKO NA DAW ANG MGA HAPON. MAKAKA-LAYA NA TAYO SA WAKAS!
PAGKALAYA NILA, PINUNTAHAN NG MGA REDENTORISTA ANG BAHAY NG PINAGBILINAN NILA NG LARAWAN NGUNI'T...
WALA NA YUNG BAHAY!
SAAN NA KAYA YUNG LARAWAN?


MAYO, 1946 - MGA SUNDALONG AMERIKANO AY NAKIPAG-USAP KAY FR. PATRICK NULTY, ANG SUPERIOR NG MGA REDENTORISTA SA ST. CLEMENT'S CHURCH SA ILOILO CITY
HINIHILING PO SANA NAMING MAGKAROON NG NOBENA SA INA NG LAGING SAKLOLO DITO
BAKIT HINDI! TAMANG-TAMA ALAM KO KUNG PAANO GAWIN IYAN!
... AT DITO NAGSIMULA ANG PAG-NONOBENA SA INA NG LAGING SAKLOLO SA PILIPINAS.
SIYA AY LAGING HANDANG TUMULONG SA ATIN!
SI FR. GERARD O'DONNEL, ANG SUPERIOR NG MGA REDENTORISTA SA LIPA AY DUMALAW SA ST. CLEMENT'S AT NASAKSIHAN ANG NOBENA DOON
ABA! MAGANDANG SIMULAN ITO SA LIPA AT BACLARAN AH!
HUNYO 23, 1948 - NAGANAP ANG UNANG NOBENA SA BACLARAN CHURCH. ITO AY PINAMUNUAN NI FR. LEO ENGLISH SA HARAP NG 70 TAONG DUMALO...
DITO DIN NAGSIMULA ANG PAG-NONOBENA SA ARAW NG MIYERKULES.
DUMAGSA ANG MGA DEBOTONG NAGNONO-BENA KAYA GINAWANG DALAWANG SES-SION NA ITO, NGUNI'T...
MARAMI PA DING TAO ANG HINDI MAKAPASOK!
EH PAANO KASI! PANG 300 NA TAO LAMANG ANG SIMBAHAN!
TAONG 1949 - WALO NA ANG SESSION NG NOBENA. AT KAHIT PINALAKI NA ANG SIMBAHAN AY UMAAPAW PA DIN SA LABAS ANG MGA TAONG NAGNONOBENA
KAILANGAN NATIN NG MAS MALAKI PANG SIMBAHAN!
OO! PERO SAAN TAYO KUKUHA NG PERA?!

HUMINGI NG TULONG ANG MGA REDENTORISTA SA MGA DEBOTO

ANG INYONG **DONASYON** NA **DIYES SENTIMOS** LINGGO-LINGGO AY MAKAPAG-TATAYO NG **BAGONG SIMBAHAN!**

TUMUGON NAMAN ANG MGA DEBOTO SA TAWAG NG MGA REDENTORISTA

10 CENTS BUILD CHURCH

DISYEMBRE, 1952 - SINIMULAN ANG PAGTAYO NG BAGONG SIMBAHAN...

...AT NUNG **DISYEMBRE 5, 1958**, PAGLIPAS NG **6 NA TAON**... ITO'Y BINUKSAN.

AT MULA NOON, NANATILING **BUKAS** ANG MGA PINTO NG SIMBAHAN NANG **24 ORAS**...

... UPANG LAHAT NG TAONG MAY **PANGANGAILANGAN** SA BUHAY AY MAKAPANALANGIN SA MAHAL NA BIRHEN...

... AT MARANASAN ANG KANYANG PAGGIGING **INA NG LAGING SAKLOLO!**

INAY! NATANGGAP AKO SA TRABAHO! NASAGOT ANG ATING MGA PANALANGIN!

SALAMAT MAHAL NA BIRHEN!

WAKAS

ΜΡ
ΘΥ
ΧΧ
ΟΡΜ
ΧΧ
ΟΡΓ
ΙC ΧC